# Nakapagsaulo ako mula sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng sampung rak`ah

Ayon sa Anak ni `Umar (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: "Nakapagsaulo ako mula sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng sampung rak`ah: dalawang rak`ah bago ng ḍuhr at dalawang rak`ah matapos nito, dalawang rak`ah matapos ng maghrib sa bahay niya, dalawang rak`ah matapos ng `ishā' sa bahay niya, at dalawang rak`ah bago ng ṣalāh sa fajr, at iyon noon ay oras na walang pumapasok sa kinaroroonan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Nagsanaysay sa akin si Ḥafṣah na siya noon, kapag nanawagan ang mu'adhdhin at sumapit ang fajr, ay nagdarasal ng dalawang rak`ah."} Sa isang pananalita: "na ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagdarasal noon ng dalawang rak`ah matapos ng ṣalāh sa Biyernes."

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito sa lahat ng mga pagkasalaysay nito]

Naglilinaw si `Abdullāh bin `Umar (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na kabilang sa mga kusang-loob na ṣalāh na naisaulo niya buhat sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ang sampung rak`ah. Tinatawag ang mga ito bilang mga sunnah rātibah: Dalawang rak`ah bago ng ḍuhr at dalawang rak`ah matapos nito, Dalawang rak`ah matapos ng maghrib sa bahay niya, Dalawang rak`ah matapos ng `ishā' sa bahay niya, Dalawang rak`ah bago ng fajr. Kaya nalubos ang sampung rak`ah. Hinggil naman sa ṣalāh sa Biyernes, nagdarasal siya matapos nito ng dalawang rak`ah.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee